Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 74

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 379
**Serye ng 2023**

**KAPASIYAHAN** NG PAKIKIISA SA PAGDIRIWANG NG IKA-85 TAONG ANIBERSARYO NG GUSALING CALVO NOONG IKA-4 NG AGOSTO 2023, NA MATATAGPUAN SA ESCOLTA, BINONDO, MAYNILA


MGA PANGUNAHING MAY AKDA:

**KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA**

at

**KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.**
Punong Mayorya

SAPAGKAT, ang Gusaling Calvo ay nagdiwang ng kanilang ika-85 na taong anibersaryo noong ika-4 ng Agosto 2023 sa Escolta, Binondo, Maynila;

SAPAGKAT, ang kasaysayang nakaukit sa gusaling ito ay isa sa mahalagang pangyayari na magbubuo sa kasaysayan ng Pilipinas;

SAPAGKAT, ito ay idinisenyo ng isang kilala at magaling na arkitekto na si Arch. Fernando H. Ocampo, Sr., noong taong 1988 na ang kinakatayuan ay pagmamay-ari ng mag asawang Angel Calvo at Emiliana Mortera;

SAPAGKAT, ang gusaling ito ay naging tanggapan ng mga kompanyang pang-komersyal mula taong 1938 hanggang 1944 at ito'y panandaliang ginamit ng "Japanese Imperial Forces" noong November 1944;

SAPAGKAT, ang nabanggit na gusali ay nasira noong panahon ng Labanan sa Maynila noong taong 1945 at muli itong itinayo noong 1946, pagkalipas ng ilang taon ay ipinatayo sa loob nito ang Museo ng Escolta na naglalaman ng mga memorabilya mula sa ating kasaysayan na matatagpuan sa ikalawang-palapag ng gusali;

SAPAGKAT, ang Gusaling Calvo ay tinaguriang isa sa natitirang mga gusali mula sa naunang bahagi ng ika-20 na siglo na matatagpuan sa kalye ng Escolta, Binondo, Maynila: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ng pakikiisa sa pagdiriwang ng ika-85 Taong Anibersaryo ng Gusaling Calvo noong ika-4 ng Agosto 2023, na matatagpuan sa Escolta, Binondo, Maynila; at mangyaring MULI

IPASIYA, na ang sipi ng Kapasiyahang ito ay maipamahagi sa nangangalaga o nagmamay-ari ng Gusaling Calvo sa 270 Escolta Street, Binondo, Maynila.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "YUL SERVO" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto, 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/eys